Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

15 Disyembre 2024 Ikatlong Linggo ng Adbiyento – Linggo ng Gaudete Taon K

# Kagalakan Mula sa Pangako at Pangaral

*Kagalakan ang paanyaya ng mga pagbasa natin ngayon. Bagamat marami tayong dahilan para malungkot dahil sa napakaraming pasakit na dulot ng karahasan, at pagkamuhi, ayon kina Propeta Sofonias at Apostol Pablo, higit na nakararami pa rin ang dapat nating ikagalak. Ito ang buod ng pangako ng Diyos. Sa harap ng mga pagsubok, di tayo nag-iisa: ABOT-KAMAY LAMANG PANGINOON! KASAMA NATIN SIYA! Malapit siya bilang isang makapangyarihang tagapagligtas at isang masuyuing kaibigan na handang makiramay sa ating kalungkutan upang gawin tayong kabahagi sa kanyang pangakong kaligayahang walang hanggan. Bilang tugon sa ganitong nakalulugod na pahayag, inaasahan tayong tumupad sa ating dapat gampanan. Ito naman ang pangaral. Bilang pagtalima sa paanyaya ni Juan Bautista, tayo'y dapat maging bukas-palad sa mga kapatid nating nangangailangan, magpakatapat sa pakikitungo sa ating kapwa, at maging kasangkapan ng pagkalinga ng Diyos sa lahat.*



## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Magalak nang palagian sa Poon nating marangal. Darating ang hinihintay, ating pinananabikan, Panginoon nating mahal.** ***(Fil 4:4.5)***

### Pagbati

***P*** – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!
***B*** – **Amen!**
***P*** – Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!
***B*** – **At sumaiyo rin!**

### Pagsisisi

***P*** – Aminin natin ang ating mga kasalanan upang maging marapat tayong gumanap sa banal na pagdiriwang. *(Manahimik saglit.)*

***P*** – Panginoong Hesus, naparito ka upang maghatid ng masayang balita sa mga nahihirapan at nagdurusa. Panginoon, kaawaan mo kami!
***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Panginoong Hesus, naparito ka upang bigyang kagalingan ang mga sawimpalad. Kristo, kaawaan mo kami!
***B*** – **Kristo, kaawaan mo kami!**

***P*** – Panginoong Hesus, naparito ka upang ipahayag ang kalayaan sa mga alipin ng pagkakasala. Panginoon, kaawaan mo kami!
***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B*** – **Amen!**

### Panalanging Pambungad

***P*** – Ama naming makapangyarihan, tunghayan mo ang pananabik ng iyong sambayanan sa Pasko ng Pagsilang ng Panginoon naming mahal. Pasapitin mo kami sa kagalakang dulot ng kanyang pagtubos at pasiglahin mo kami sa pagpapasalamat sa iyong kaloob sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*** – **Amen!**

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** ***Sof 3:14-18***

*Kay dakila ng katiyakan ng kaligtasan natin sa Panginoon kung kaya malimit itong ilahad ng mga propeta sa una. Ang matulaing pagbasa ngayon buhat kay Sofonias ay isang matibay na halimbawa ng matatag na pananalig habang ipinatutungkol niya sa Jerusalem at sa atin ang kanyang mensahe ng pag-asa.*

*L* – Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Sofonias

**Umawit ka nang malakas, Lunsod ng Sion; sumigaw ka, Israel! Magalak ka nang lubusan, Lunsod ng Jerusalem!**

**Ang mga nagpaparusa sa iyo ay inalis na ng Panginoon, at itinapon niya ang inyong mga kaaway. Nasa kalagitnaan mo ang Hari ng Israel, ang Panginoon; wala nang kasawiang dapat pang katakutan.**

**Sa araw na yaon ay sasabihin sa Jerusalem: "Huwag kang matakot, Sion; huwag manghina ang iyong loob. Nasa piling mo ang Panginoong iyong Diyos, parang bayaning nagtagumpay; makikigalak siya sa iyong katuwaan, babaguhin ka ng kanyang pag-ibig; at siya'y masayang aawit sa laki ng kagalakan, gaya ng nagdiriwang sa pista."**


Ang Salita ng Diyos!

*B* – **Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** ***Isa 12***

***B – D'yos na kapiling ng bayan ay masayang papurihan!***

*R. M. Velez*




* **Ang Diyos ang siyang nagliligtas sa akin, tiwalang-tiwala ako at wala munti mang pangamba. Sapagkat ang Poon ang lahat sa akin, siya ang aking awit, ang aking kaligtasan. Malugod kayong sasalok ng tubig sa batis ng kaligtasan.** ***B.***

* **"Magpasalamat kayo sa Poon, siya ang inyong tawagan; ipaalam ninyo sa mga bansa ang kanyang ginawa, ipahayag ninyo ang kadakilaan ng kanyang pangalan."** ***B.***

* **"Umawit kayo ng papuri sa Poon, sapagkat kahanga-hanga ang kanyang mga ginawa, ipahayag ninyo ito sa buong daigdig. Mga anak ng Sion, umawit kayo nang buong galak, sapagkat nasa piling ninyo ang dakila at ang Banal ng Israel."** ***B.***

**Ikalawang Pagbasa** ***Fil 4:4-7***

*Ang palapit na pagdiriwang sa Pasko ay sukat makapuspos sa atin ng nag-uumapaw na kagalakan. Sa pagbasang ito, ang pangangaral ni San Pablo sa mga taga-Filipos ay angkop din para sa atin.*

*L* – Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Filipos

**Mga kapatid: Magalak kayong lagi sa Panginoon. Inuulit ko: magalak kayo!**

**Ipadama ninyo sa lahat ang inyong kagandahang-loob. Malapit nang dumating ang Panginoon. Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip ay hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalanging may pasasalamat. At ang di-malirip na kapayapaan ng Diyos ang mag-iingat sa inyong puso at pag-iisip sa pamamagitan ni Kristo Hesus.**

Ang Salita ng Diyos!

*B* – **Salamat sa Diyos!**

**Aleluya** ***Isa 61:1***

*B* – **Aleluya! Aleluya! Espiritu ng Maykapal nasa akin upang hatdan ang mga dukha ng aral. Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** ***Lu 3:10-18***

*Sa Ebanghelyo natin ngayon, maririnig natin si Juan Bautista mismo sa kauna-unahang pagkakataon.Taglay ng kanyang pangangaral ang matibay na tagubilin hinggil sa pagbabalik-loob.*

*P* – Sumainyo ang Panginoon!

*B* – **At sumaiyo rin!**

*P* – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

*B* – **Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Noong panahong iyon: Tinanong si Juan Bautista ng mga tao, "Kung gayon, ano po ang dapat naming gawin?"**

**"Kung mayroon kang dalawang baro, bigyan mo ng isa ang wala. Ganyan din ang gawin ng mga may pagkain," tugon niya.**

**Dumating din ang mga publikano upang pabinyag at itinanong nila sa kanya, "Guro, ano po ang dapat naming gawin?" Sumagot siya, "Huwag kayong sumingil nang higit sa dapat singilin." Tinanong din siya ng mga kawal, "At kami, ano naman ang dapat naming gawin?" "Huwag kayong manghihingi kaninuman sa pamamagitan ng pamimilit o ng pagpaparatang ng di totoo; masiyahan kayo sa inyong sahod," sagot niya.**

**Naghahari sa mga tao ang pana-nabik sa pagdating ng Mesiyas at ang akala ng marami'y si Juan ang kanilang hinihintay. Kaya't sinabi ni Juan sa kanila, "Binibinyagan ko kayo sa tubig, ngunit ang darating na kasunod ko ang magbibinyag sa inyo sa Espiritu Santo at sa apoy. Siya'y makapangyarihan kaysa akin, at ni hindi ako karapat-dapat mag-kalag ng tali ng kanyang panyapak. Hawak niya ang kanyang kalaykay upang alisin ang dayami. Titipunin niya ang trigo sa kanyang kamalig, ngunit ang ipa'y susunugin sa apoy na di mamamatay kailanman." Marami pang bagay ang ipinangaral ni Juan sa mga tao sa kanyang paghahayag ng Mabuting Balita.**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

*B* – **Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

### Homiliya

### Sumasampalataya

*B* – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni

Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### Panalangin ng Bayan

***P*** –Sa pangaral ni Juan Bautista, napagtanto natin na lubhang kailangan ang pagbabalik-loob sa kabila ng ating kahinaan. Humiling tayong lahat ng kanyang tulong upang maisapuso ang wagas na pagbabalik-loob:

***B*** **–Panginoon, bigyan Mo kami ng bagong kalooban!**

* Para sa Inang Simbahan, sa Santo Papa, mga Obispo at mga Pari: Nawa'y matagumpay nilang maitaguyod sa ating panahon ang misyon ni Juan na akayin ang mga tao para magbalik-loob. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga natutuksong maghanap ng kaligayahan nang malayo sa Panginoon: Nawa'y alalahanin nilang nasa pagtupad lamang ng kalooban ng Diyos ang kagalaka't kalayaang walang hanggan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga Kristiyanong inuusig dahil sa kanilang pananampalataya: Nawa ay tumindig sila ng matatag at hindi panghinaan ng loob, pinatatatag ng pagpapala ng Diyos at mga panalangin at suporta ng lahat ng bansa. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga nasa bingit ng kamatayan: Nawa ay maging handa silang harapin ang Banal na Hukom nang may tapat na pagsisisi sa kanilang mga kasalanan at mapagpakumbabang pagtitiwala sa kanyang awa. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating pagsalubong sa taon ng Jubileo: palakasin nawa nito ang ating pananampalataya, at matulungan tayong makilala ang Panginoong muling nabuhay sa ating pang-araw-araw na buhay. Manalangin tayo! ***B.***

***P*** –Diyos ng liwanag, itulot Mong ang aming asal ay maging laging alinsunod sa Ebanghelyo ng buhay naming kasama si Hesus, na siyang bukal ng aming kagalakan, at siyang nabubuhay at naghahari magpakailanman.
***B*** **–Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*** – Manalangin kayo. . .
***B*** **– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

***P***–Ama naming Lumikha, maihain nawang lubos ang matapat naming paglilingkod sa pagganap sa itinatag ng iyong Anak at sa pakikinabang sa iyong pagtubos sa aming lahat sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*** **– Amen!**

### Prepasyo ng Adbiyento II

***P*** –Sumainyo ang Panginoon!
***B*** **–At sumaiyo rin!**
***P*** –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!
***B*** **–Itinaas na namin sa Panginoon!**
***P*** –Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!
***B*** **–Marapat na siya ay pasalamatan!**
***P*** –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ang pagsusugo mo sa kanya ay ipinahayag ng lahat ng mga propeta. Ang pagsilang niya'y pinanabikan ng Mahal na Birheng kanyang Inang tunay sa kapangyarihan ng Espiritung Banal. Ang pagdating niya'y inilahad ni San Juan Bautista sa kanyang pagbibinyag. Ngayong pinaghahandaan namin ang maligayang araw ng kanyang pagsilang, kami'y nananabik at nananalanging lubos na makaharap sa kanyang kadakilaan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
***B*** **– Santo, santo, santo, Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

### Pagbubunyi

***B*** **– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

## PAKIKINABANG

***B*** **– Ama namin . . .**
***P*** – Hinihiling namin . . .
***B*** **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan Paghahati-hati sa Tinapay

***B*** **– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P*** – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B*** **–Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Lakasan ang inyong loob, kayo ay huwag matakot. Dumarating ang Poong D'yos upang tayo ay matubos at sa kanya'y makadulog.*(Isa 35:4)***

### Panalangin Pagkapakinabang

***P*** –Ama naming mapagmahal, ang pinagsaluhan namin ngayon sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan ay magpagindapat nawang kami'y maging handa para sa

Pasko ng Pagsilang ng iyong Anak na siyang namama-gitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* – Amen!**

## PAGWAWAKAS

***P* –** Sumainyo ang Panginoon.

***B* – At sumaiyo rin!**

***P* –** Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Tumahimik sandali.)*

– Nagagalak kayo sa nalalapit na paggunita sa pagsilang ni Kristo. Sa kanyang maluwalhating pagbabalik, gantimpalaan niya nawa kayo ng buhay na walang hanggan.

***B* – Amen!**

***P* –** Itulot nawa ng Diyos na kayo'y maging matatag sa pananampalataya, masayang umaasa, at walang pagod na pagmamahal sa inyong tanang buhay.

***B* – Amen!**

***P* –** Nawa'y ang pagdating ng Anak ng Diyos ay magdulot sa inyo ng liwanag ng kanyang kabanalan at kapangyarihan ng kanyang biyaya.

***B* – Amen!**

***P* –** Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

***B* – Amen!**

***P* –** Humayo kayo sa kapayapaan at maging bukal nawa kayo ng kagalakan para sa inyong kapwa.

***B* – Salamat sa Diyos!**

---

## ANO ANG DAPAT NAMING GAWIN?

Kalakbay at Katoto

Noong isang Linggo, binigyang pansin natin ang kahalagahang panatiliing magkasama at magka-agapay ang dalawang aspeto ng turo ng Panginoon: *pangako* at *pangaral.* Mahalaga, sabi natin, na hindi lamang puro pangako ang panghawakan natin, kundi pati na rin ang mas mahalaga – ang pangaral. Bawa't pribilehiyo o kaloob ay may kaakibat na pananagutan. Bawa't pangako ay may kalakip na pangaral.

Sa Linggong ito, tinaguriang *Gaudete Sunday*, o araw ng pagsasaya, dahil malapit na ang pagdatal ng Mananakop, dalawa na namang magkatuwang at magkalakip na katotohanan ang atin matutunghayan: pagsasaya at paggawa!

Unahin natin sa una: magsaya … gaudete … ito ang tinutumbok ng una at ikalawang pagbasa. Maraming salita ang ginamit upang ikintal ito: "umawit nang malakas … sumigaw … magalak nang lubusan … masayang aawit sa laki ng kagalakan" … Si Pablo sa liham kay Filemon, ay pareho rin ang sinasabi: "magalak kayong lagi sa Panginoon … inuulit ko, magalak kayo!"

Nguni't ang paghihintay bang ito at pag-asa ay isa lamang mababaw na damdaming dapat manaig sa kabila ng lahat ng kabuktutan at kasalanang naghahari sa daigdig na iniikutan natin? Tayo ba ay dapat magkunwaring masaya ang bayang Pilipino kahit na puro pandaraya at panlilinlang ang inaatupag ng marami sa naka luklok sa kapangyarihan? Totoo bang sa ikatlong linggo ng panahon ng pagdating ay dapat tayong "umawit sa laki ng kagalakan?" Hindi ito ang naririnig ko sa mga pagbasa. Totoo na ipinagtatagubilin ni Pablo at ni Sofonias na tayo ay kailangang magalak. Nguni't ang kagalakang ito ay nakatuon sa isang pangakong ang katuparan ay bumabagtas at lampas sa mga makamundong adhikain at hangarin na atin ngayong inaatupag sa mundong ibabaw.

Ang kagalakang ito ay may kinalaman sa mga pangakong mesiyaniko na dumating na, patuloy na dumarating, at darating pa. Ang kaganapan nito at katuparan ay hindi kailanman natin makakamit ngayon at dito, kundi sa kaganapang darating sa muling pagbabalik ng Mananakop.

Ito ang kagalakang malalim, wagas, lubos, at pang sa walang hanggan!

At dito papasok ang tunay na magandang balita … Hindi ito isang malikhaing pagnanasa lamang … hindi ito isang paghahangad na walang basehan sa kasaysayan at sa anumang

---

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

turo ninuman. Sa likod ng pangakong ito, ay isang pangaral.

Ano ba ang pangako? "'ang mga nagpaparusa sa iyo ay inalis na ng Panginoon" … "wala nang kasawiang dapat pang katakutan" … "nasa piling mo ang Panginoong iyong Diyos" … "malapit nang dumating ang Panginoon." Subali't ano ba ang pangaral? Narito … sa katauhan, buhay, at pagkamatay ni Juan Bautista. Siya ang naging tampulan ng lahat ng katanungan ng mga tao: "Ano ba ang dapat naming gawin?" Si Juan Bautista, na isinugo ng Diyos upang maging tagapaghatid ng balita at tagapaghanda ng daraanan ng Panginoon, ang siyang tinanong ng mga taon.

Ano nga ba ang dapat natin gawin? Heto … Una, "huwag sumingil nang higit." Ikalawa, "huwag manghingi sa pamamagitan ng pamimilit o pagpaparatang nang di totoo." Ikatlo, "masiyahan sa iyong sahod."

Ano ang dapat natin gawin? Simple lamang! … ang lahat ng ito ay may kinalaman sa katarungan. Ang katarungan ang siyang buod ng ipinangangaral ni Juan Bautista. Ito ang magandang balitang ating hinihintay – ang katarungan ng Diyos na darating sa atin sa pamamagitan ng "prinsipe ng kapayapaan," na maghahatid sa atin sa daan tungo sa kapayapaan.

Dito natin makikita kung tunay at wagas ang ating pagiging Kristiyano. Dito natin mapatutunayan kung ang ating pagnanasa at may kalakip na pagsisikap.

